PRAYER

- Manalangin para sa ating mga anak/kabataan na mapuspos sila ng Banal na Espiritu upang sila ay maging asin at ilaw sa kanilang mga kaibigan, paaralan, at komunidad.

- Ipanalangin ang ating mga anak/kabataan na pangalagaan nila at ipasa sa susunod na henerasyon ang kanilang mayaman na espirituwal na pamana.

- Ipanalangin ang bawat isa at humiling ng kakayanan na maging masigasig sa mga bagay na bigay ng Diyos at para sa espirituwal na paglago.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph



Magpalakas

Week 2

NOTES

CONNECT

- Ano ang isang pinapahalagang pamana ng iyong pamilya ang naiibigan mo? Bakit?
- Nakatanggap ka na ba ng pamana? Kung oo, pwede mo bang isalarawan ito? Kung hindi, anong uri ng pamana ang gusto mong matanggap?
- Ano ang ipinapasalamat mo sa Diyos sa iyong mga magulang o mga patnubay?

WORD

6Dahil dito, pinaaalalahanan kita na lalo ka pang maging masigasig sa paggamit ng kakayahang ipinagkaloob sa iyo ng Diyos, na tinanggap mo nang patungan kita ng kamay. 7Sapagkat hindi tayo binigyan ng Diyos ng espiritu ng kaduwagan, kundi espiritu ng kapangyarihan, pag-ibig, at disiplina sa sarili.

2 Timoteo 1:6,7

WHAT *What does the Bible say?*

Bago pa namatay si Pablo, isa sa mga huli niyang bilin kay Timoteo na noon ay bata pang pastor ay pahalagahan niya ang mga bagay na ipinasa sa kanya ng mga naunang henerasyon. Sa pagdisipulo natin sa susunod na henerasyon, kailangan natin silang paalalahanan sa kanilang responsibilidad sa mga bagay na ipinasa sa kanila. Ano ang kailangan nating ituro sa kanila?

- **Kailangang pangalagaan ng kabataan ang kanilang espirituwal na pamana.**
  Dahil dito, pinaaalalahanan kita na lalo ka pang maging masigasig sa paggamit ng kakayahang ipinagkaloob sa iyo ng Diyos, na tinanggap mo nang patungan kita ng kamay.

  2 Timoteo 1:6

  Ang hikayat ni Pablo kay Timoteo ay na maging masigasig siya sa paggamit ng mga kakayahang ipinagkaloob ng Diyos na pinasa sa kanya ng kanyang ina at lola. Hindi naman ibig sabihin na nanlamig na o namatay ang pananampalataya ni Timoteo kundi kailangan lamang niyang panatilihin ang liyab nito. Sa dinami-dami ng kinakaharap ng mga kabataan ngayon, mula imoralidad hanggang mga paniniwalang hindi ayon sa Bibliya, kailangan natin silang hikayatin na maging masigasig sa Diyos. Papaano natin masusuportahan ang kabataan na isapamuhay ang kanilang espirituwal na pamana?

- **Kailangang manalig ng kabataan sa Banal na Espiritu.**
  Sapagkat hindi tayo binigyan ng Diyos ng espiritu ng kaduwagan, kundi espiritu ng kapangyarihan, pag-ibig, at disiplina sa sarili.

  2 Timoteo 1:7

  Kapag lumalakad na nang may ugnayan sa Diyos, hindi na dapat natatakot ang kabataan na maging ilaw sa madilim na mundo. Kailangan nating palakasin ang kanilang loob na ang Banal na Espiritu ang nananahan sa kanila at nagbibigay ng kakayahan na sila'y makapamuhay nang may kapangyarihan, pag-ibig, at disiplina sa sarili. Ano ang maituturo natin sa kabataan upang patuloy silang manalig sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu?

SO WHAT *What is the relevance of the Word to my life?*

- Bakit mahalaga ang Banal na Espiritu sa atin sa pagdidisipulo ng susunod na henerasyon?
- Ano ang ibig sabihin ng pagiging masigasig ng isang tao para sa mga ginawa ng Diyos?
- Bakit mahalagang pangalagaan natin ang ating espirituwal na pamana?

NOW WHAT *How do I apply the Word to my life?*

- Sa anong paraan natin mapapangalagaan ang espirituwal na pamana na ipinasa sa atin?
- Papaano mo praktikal na paaalabin ang iyong pananalig sa Diyos sa pang-araw-araw?
- Papaano mo mahihikayat ang susunod na henerasyon na maging masigasig para sa Diyos?